MUNGKAHI PARA SA PAGSUSURI PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON - PANGKALAHATANG-IDEYA

Layunin

Makakatulong ang form na ito sa mga magulang, kawani ng distrito, pampublikong ahensya, o iba pang taong may impormasyon tungkol sa isang mag-aaral na humiling ng pagsusuri para sa espesyal na edukasyon (tinatawag ding "referral para sa espesyal na edukasyon"). Hindi sapilitan ang form na ito – may bisa ang anumang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri. Puwedeng mag-follow up ang mga distrito sa sinabi, nasa email, o iba pang nakasulat na kahilingan nang may kahilingang kumpletuhin ang form na ito, ngunit hindi puwedeng pilitin ang nagre-refer na kumpletuhin ang form bago isaalang-alang ang mag-aaral para sa pagsusuri. Mahalagang tandaan na ang 25-araw na timeline na inilarawan sa ibaba ay magsisimula kaagad sa pagtanggap ng kahilingan, ginamit man o hindi ang form na ito.

Proseso

Kapag tumanggap na ang distrito ng nakasulat na kahailingan para sa pagsusuri sa anumang anyo/format, mayroon silang 25 araw ng paaralan para suriin ang impormasyon tungkol sa mag-aaral, kabilang ang mga pampaaralan at medikal na rekord at impormasyon mula sa mga magulang, at magpasiya kung susuriin ang mag-aaral para sa pagiging kuwalipikado sa espesyal na edukasyon. Kung magpasiya ang distrito na magsuri, dapat itong kumuha ng nakasulat na may-kabatirang pahintulot mula sa magulang bago ang pagsisimula sa inisyal na pagsusuri. Tingnan ang nasa ibaba para sa flow chart ng timeline.

Mga Timeline para sa Referrali, Inisyal na Pagsusuri, at Initial Individualized Education Program (IEP)




Kung matukoy ang mag-aaral na **kuwalipikado**
30 araw sa kalendaryo para **bumuo ng IEP,** pahintulot ng **magulang** para sa mga serbisyo
Sa lalong madaling panahon, **magsisimula ang mga serbisyo**

REFERRAL PARA SA PAGSUSURI PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON

Petsa: _____

Nais kong humiling ng pagsusuri para sa espesyal na edukasyon para sa sumusunod na mag-aaral:

Pangalan ng mag-aaral: _____ Petsa ng Kapanganakan: _____

Pangalan ng paaralan (kung nag-aaral): _____ Baitang: _____ Edad: _____

Pangalan ko: _____ Kaugnayan ko sa mag-aaral: _____

Telepono: _____ Email: _____

(Mga) Wikang sinasalita sa tahanan: _____

Nasuri na ba dati ang mag-aaral na ito para sa espesyal na edukasyon? ☐ Oo ☐ Hindi ☐ Hindi ko alam

Kung oo, saan at kailan ang pagsusuri? _____ ☐ Hindi ko alam

Ang mga ikinababahala ko para sa mag-aaral ay: *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)*	
<u>Mga Ikinababahalang Pang-akademiko</u>	**<u>Mga Ikinababahala sa Pisikal/Asal</u>**
☐ Pagbabasa o pag-unawa sa binasa ☐ Pagsusulat (paglalagay sa mga iniisip/ideya sa nakasulat na mga salita at pangungusap) ☐ Matematika (pagkalkula o paglutas ng problema) ☐ Pagsunod sa mga tagubilin ☐ Pagsasalita ng mga iniisip (nagpapahayag na komunikasyon) ☐ Pag-unawa sa mga sinasalita (pakikinig na komunikasyon) ☐ Pagbigkas ng mga salita at tunog (pagsasalita)	☐ Atensyon at pagtuon ☐ Pagsunod sa mga ipinag-uutos ng mga nasa hustong gulang ☐ Madaling mayamot ☐ Labis na mga pagbabago ng mood ☐ Mga kakayahan sa pakikipag-ugnayan sa lipunan/kaklase ☐ Mga isyu sa Pagganyak ☐ Mga ikinababahala sa pisikal/paggalaw (hal., paghawak ng lapis, pag-akyat sa hagdan, pagpapatalbog ng bola, atbp.) ☐ Mga kasanayan sa pakikibagay (hal., paggamit ng palikuran, kalinisan ng katawan, mga kasanayan sa personal na kaligtasan, pamamahala sa pera, atbp.) ☐ Mga isyu sa pagdalo sa paaralan

☐ Iba Pa:	☐ Iba Pa:
☐ Iba Pa:	☐ Iba Pa:
☐ Iba Pa:	☐ Iba Pa:

Sa mga seksyon sa ibaba, magbigay ng karagdagang impormasyon na gusto mong malaman ng distrito. Hindi kailangan ang impormasyong ito , pero makakatulong sa distrito kapag tutukuyin kung magsusuri.

Sabihin sa amin ang higit pa tungkol sa iyong mga ikinababahala para sa mag-aaral. Saan mo nakikitang nahihirapan ang mag-aaral?

Ano na ang sinubukan para matulungan ang mag-aaral? *Maaaring kasama sa mga halimbawa ang mga pagtulong na ipinatupad bilang bahagi ng multi-tiered system of supports (MTSS), Learning Assistance Program (LAP), Title I, atbp.*

Suporta	**Paano nakatulong sa mag-aaral ang suportang ito?**
☐ Pagtuturo	
☐ Pagtuturo sa maliit na grupo	
☐ Plano sa pag-uugali	
☐ Iba Pa:	
☐ Iba Pa:	

Mayroon bang medikal o pangkalusugang impormasyon tungkol sa mag-aaral na dapat malaman ng distrito? May iniinom bang mga gamot ang mag-aaral?

May iba pa bang impormasyon na gusto mong ibahagi? May maibabahagi ka bang anumang paperwork o ibang rekord?

Ang Form ng Referral para sa Espesyal na Edukasyon ng Office of Superintendent of Public Instruction ay may lisensya sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License.